

1. Tungkol sa Pagkakaroon ng Pinalawig na Oras sa mga Ilang Tanggapan sa Munisipiyo.

Bagamat ang pamahalaang lungsod ay nagpalawig na ng oras sa mga tanggapan na kung saan marami ang pumupunta, mula Abril ay magkakaroon na naman ng pagbabago ito at gagawin ng kada Miyerkules sa pangunahing gusali ng city hall. At sa mga sangay nito ay sa ikalawang Miyerkules ng buwan. Bilang karagdagan, ang sangay sa Nishikata Machi naman ay maaari ng puntahan na walang reserbasyon sa oras na may extensyon.

Ang mga tanggapan na palalawigin ang oras sa pangunahing gusali ng munisipiyo ay ang “Shimin Seikatsu-Ka” o ang Civic Life Section, ang “Hoken Nenkin-Ka” o Insurance and Pension Division, at “Zeimu-Ka” o Taxation Department. Sa mga maliliit na sangay ng pamahalaang lungsod sa ibat ibang lugar ay ang “Chiiki Tsukuri Suishin-Ka” o ang Community Development and Promotion Section.

Sa “Shimin Seikatsu-Ka” o Civic Life Section at sa Community Development and Promotion Section ng mga sangay nito ay magbibigay serbisyo gaya ng pag-isyu ng kopya ng Residential Certificates, Family Registry, notipikasyon sa pagbabago ng tirahan at ang pag-isyu rin ng My Numbers Card.

Ang Health Insurance at Pension Section pati na rin ang Community Development and Promotion Section sa mga sangay sa ibat ibang lugar ay responsable sa pagpapatala sa pagsali sa National Health Insurance ganon din sa pagkalas sa pagiging miyembro dito.

Ang Tax Division at sa pareho ring tanggapan na nabanggit sa mga sangay nito ay mag-iisyu ng Paid Tax Certificates, Income Tax Certificates, Tax Exempt Certificates at iba pang dokumento na nauukol sa pagbabayad ng buwis.

Dapat lang malaman na hindi kasali sa serbisyo sa mga oras na ito ang pagbabayad ng City Tax at ang pagre-iissue ng payment slips para dito.

Ang pinalawig na oras ay mula ala 5:15 ng hapon hanggang alas 7:00 ng gabi.

Hinihikayat ang lahat na gamitin ang pagkakataon na ito.

2. Paunawa tungkol sa Bayarin sa National Pension.

Ang halaga ng National Pension Premiums ay nagbabago bawat taon. At sa fiscal year 2023 ang buwanang bayad ay nagkakahalaga ng 16,520 yen. Ang bayarin sa National Pension ay ipapadala mula sa Japan Pension Service ang mga payment slips sa mga unang bahagi ng Abril at dapat bayaran ang buwanang premiums hanggang sa katapusan ng susunod na buwan.

Ang mga may edad sa pagitan ng 20 at 60 taong gulang na nakatira sa Japan na may Alien Registration Card ay obligadong lumahok sa National Pension kahit ito man ay dayuhan. Ang mga nakabayad nito ng may 10 taon ay makakatanggap ng pension. Kung sa kalagitnaan naman ng pagbabayad nito bago matapos ang 10 taon ay nagpasya ng umuwi sa sariling bansa ay maaaring mag-apply ng lump-sum withdrawal payment upang ibalik ang halagang naibayad ayon sa panahon na naiambag para dito.

Bilang karagdagan, ang mga foreign students na mababa ang kinikita ay maaaring maging exempted para sa pagbabayad nito kung gagawin ang kaukulang proseso. Ang mga foreign students ay saklaw sa exemptions. Ang mga mag-aaral na gustong samatahin ang exemptions sa bayarin sa National Pensions ay dapat mag-apply dala ang payment slips na ipinadala ng Japan Pension Service o My Numbers Card ganundin ang Student I.D o pagpapatunay na naka-enroll ito sa eskwelahan. Mag-apply sa tanggapan ng Insurance and Pension Section sa main city hall at sa mga ibat ibang sangay nito. Sa mga estudyante na nag-apply at na aprubahan sa special exemption for student payments sa fiscal year 2022 at may plano pang ipagpatuloy ang pag-aaral, ang Japan Pension Service ay magpapadala ng post-card style na application form para sa payment exemption.

3. Abiso mula sa Tochigi Public Works Office.

Ang provincial road na Tochigi-Sano sa Yamato Cho ay magsasagawa ng pagsasagawa ng kalsada at aalisin na ang mga poste ng kuryente. Ang interseksyon sa Ashikaga Bank at Starbucks hanggang sa tulay ng Korai Bridge na may habang 180 meters ay lilimitahan na sa one-way traffic mula katapusan ng Marso.

Dahil ang proyektong ito ay maaaring abutin ng ilang taon, hinihiling ang kooperasyon at pang-unawa ng lahat dahil sa idudulot na abala sa trapiko lalo na sa mga palaging dumadaan dito.

Bilang karagdagan, ang pagsasagawa ng restoration project para sa first class level na ilog na Nagano River laban sa disaster ay papalitan na ang Ryoumei Bridge at gagawin ang konstruksyon para dito sa city road na 2098 ng Enomoto Ohira Machi.

Ang pagsasagawa sa proyektong ito ay inaasahang matatapos sa loob ng 3 taon. Ito ay mula sa Abril ng 2023 hanggang Marso ng 2026. Ang kalsada ay isasara sa trapiko buong araw sa panahong ito. Pinapayuhan ang lahat na dumaraan sa lugar na ito na lumihis na lamang dahil isasara ito sa mga sasakyan, bisikleta at pati na rin sa mga pedestrians. Muli rin hinihingi ang paumanhin, kooperasyon at pang-unawa ng lahat dahil sa anumang idulot na abala sa mga malalapit na nakatira dito at ang mga palagiang gumagamit ng Ryoumei Bridge.